**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 15, 151-160




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa baitang 10

Dagooc, Melmarie ✉
*Cebu Technological University Main Campus, Philippines (Melmarie.dagooc@deped.gov.ph)*
Varona, Fe A.
*Cebu Technological University Main Campus, Philippines (varona8421@gmail.com)*

**Received**: 7 June 2026 **Revised**: 26 June 2026 **Accepted**: 27 June 2026
**Available Online**: 28 June 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26269

***Abstract***

This study raised the level of understanding in reading, using the strategy textual analysis in the study of literary work in Grade 10 in the subject Filipino of Magdugo National High School – Toledo City Division in the school year 2025-2026. Furthermore, this research aims to determine the effect of textual analysis as an effective strategy in teaching literature in Grade 10. It used a quantitative and qualitative design to evaluate and measure the students' level of understanding of character, setting, theme, symbolism, and context before and after the intervention. In the pre-test, the students' level of understanding was at the "Frustration" level, but after using textual analysis, it reached the "Independent" level. Statistical analysis showed a significant improvement in mean scores from pre-test to post test. It also showed the students' positive experience in using the strategy. Overall, textual analysis is effective in raising students' level of understanding of literary works. It is recommended to implement textual analysis in teaching and studying literature, provide sufficient training, and have the integration of technology. For school administrators, support the training of teachers to utilize these tools. For future researchers, conduct additional studies in different contexts and identify factors that may affect its effectiveness.

***Keywords:*** literary analysis, qualitative, quantitative, textual analysis, strategy

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa baitang 10


## 1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay tinasa ang antas ng pag-unawa sa pagbasa gamit ang estratehiyang tekstuwal analisis sa pagsusuri ng akdang pampanitikan sa Baitang 10 sa asignaturang Filipino ng Magdugo National High School – Toledo City Division sa taong panuruan 2025-2026. Alinsunod nito ang pananaliksik ay naglalayong alamin ang epekto ng tekstuwal na analisis bilang makabagong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Baitang 10. Ginamit ang pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong disenyo upang masuri ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa tauhan, banghay, tema, simbolismo, at konteksto bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa *pre-test*, ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral ay nasa “Frustration” level, ngunit pagkatapos gamitin ang tekstuwal na analisis, naging “Independent” ang kanilang antas. Ang *statistical analysis* ay nagpakita ng makabuluhang pag-unlad sa *mean scores* sa *pre-test* at *post-test*. Ipinakita rin na positibo ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang ito. Sa kabuuan, ang tekstuwal na analisis ay epektibo sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan. Inirerekomenda na ipatupad ang tekstuwal analisis sa pagtuturo at pagsusuri ng panitikan, magbigay ng sapat na pagsasanay, at magkaroon ng integrasyon ng teknolohiya. Para sa mga tagapamahala ng paaralan, suportahan ang pagsasanay ng mga guro at maglaan ng mga kagamitan. Para sa mga mananaliksik sa hinaharap, magsagawa ng karagdagang pag-aaral sa iba't ibang konteksto at alamin ang mga salik na nakakaapekto sa bisa nito.


*Mga susing salita*: pagsusuring panitikan, kwalitatibo, kwantitatibo, tekstuwal analisis, estratehiya

## 2. Introduction

Sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa sekondarya, ay *genre-based approach* na para sa mga akdang pampanitikan ay siyang gagamitin upang matalakay ang mga paksa na nakaangkla dito sa anumang kompetensiyang pinagbabatayan ng mga guro sa kanilang pagtuturo. Dahil dito, ang malalim na pag-unawa sa isang akdang pampanitikan ay mahalaga upang ganap na maipahatid ang mga araling nakaangkla rito. Gayunman, ito rin ang nagiging hadlang sa mga guro sa epektibong paghahatid ng mga kakayahang kailangang malinang sa mga mag-aaral, sapagkat marami sa kanila ang nahihirapang makaunawa sa mga babasahing ginagamit sa proseso ng pagkatuto. Ito ay sumasalamin sa pananaw ni Nuncio, R. V. (2002) na ang pagbasa ng panitikan ay hindi lamang simpleng pag-unawa sa nilalaman ng kuwento, kundi isang masusing paggalugad sa ugnayan ng teksto at ng konteksto nito, isang aspekto ng panitikan na madalas ay hindi naaabot ng mga mag-aaral.

Kabilang sa mga obserbasyon ng mananaliksik ay may ilang mga natukoy na pangangailangan upang maging maunlad at makatulong upang higit pang pag-unawa sa mga pahiwatig ng akda. Sa kabila ng pagtuturo ng panitikan sa sekundarya, patuloy pa ring nakararanas ng hamon ang mga mag-aaral sa malalim na pag-unawa at pagsusuri ng akda. Napansin sa mga klase sa Filipino 10 na ang pagsusuri sa panitikan ay nananatiling mababaw, hindi organisado, at kulang sa kontekstuwal na pagtingin. Batay sa aking karanasan sa paggawa ng *Oral Reading Verification* sa paaralan sila ay nasa kategoryang *Independent* sa pagbasa sa teksto ngunit nasa kategoryang *Frustration* naman ang karaniwan sa kanila ayon sa pag-unawa sa akdang binasa. Bunsod nito, mahalagang suriin kung paano nakatutulong ang isang sistematikong estratehiya tulad ng tekstuwal analisis upang mapaunlad ang kakayahang analitikal ng mga mag-aaral. Bilang isang guro ng Filipino, naging hamon sa mananaliksik ang puna ni Zafra, G. S. (2016) na ang pagtuturo ng panitikan ay madalas na nakatuon lamang sa pagsasaulo ng mga detalye at impormasyon, sa halip na sa pagbibigay-kahulugan sa mga ito at pag-uugnay ng akda sa sariling karanasan ng mag-aaral o sa mas malawak na konteksto. Naipapakita ang tunay na layunin na mahikayat ang mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa panitikang Filipino. Ang ganitong kalakaran ay naglilimita sa paglinang ng malikhain at mapanuring pag-iisip, isang layuning binigyang-diin sa DepEd Order No. 010, s. 2024, na nagtatakda ng pangangailangang malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral bilang

paghahanda sa mga hamon sa tunay na buhay.

Bilang tugon sa mga agwat na ito, isinusulong ng pag-aaral na ito ang paggamit ng tekstuwal analisis bilang isang mabisang estratehiya sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa sa panitikan. Ang estratehiyang ito ay isang sistematikong paraan ng pagsusuri sa teksto, batay sa mga tiyak na elemento gaya ng tauhan, banghay, tema, simbolismo at konteksto ng akda. Higit pa rito, binibigyang-diin ng tekstuwal analisis ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri, magpaliwanag, at maglahad ng sariling interpretasyon batay sa tekstong kanilang binasa. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, ang pag-aaral ng panitikan ay nagiging mas makabuluhan, interaktibo, at nakatuon sa kritikal na pag-iisip, na tugma sa layunin ng kurikulum na linangin ang malikhain at mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral, ayon kina Fabro, B. D., et al. (2024).

Sa kabuuan, layunin ng pananaliksik na ito na suriin kung paano nakatutulong ang tekstuwal analisis sa pagpapalawak ng pag-unawa, pagpapakahulugan, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan bilang repleksyon ng kultura at lipunan. Nilalayon ng pag-aaral na ito na tuklasin ang bisa ng tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Baitang 10, partikular sa pagsusuri sa mga elemento ng akda gaya ng Tauhan, Banghay, Tema, Simbolismo at Konteksto, upang mapalalim ang pag-unawa at mapalawak ang pananaw ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino.

***Layunin ng Pag-aaral-*** Nilayon ng pag-aaral na ito na matasa ang kasanayan sa pagsusuri ng mga piling babasahin na dagli, mito at nobela gamit ang prosesong tekstuwal analisis sa Baitang 10, Magdugo National High School sa ikalawang markahan ng taong, 2025-2026, bilang batayan sa pagbuo ng Pinaghusay ng Gabay sa Tekstuwal Analisis sa Pagtuturo at Pagsusuri ng Akdang Pampanitikan.

- Ang antas ng pag-unawa ng pagbasa ng mga akda bago inilapat ang pagtuturo gamit ang proseso ng tekstuwal analisis batay sa mga sumusunod na elemento: tauhan, banghay, tema, simbolismo at konteksto.
- Ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga akdang panitikan pagkatapos gamitin sa pagtuturo ang proseso ng tekstuwal analisis batay sa mga nabanggit na element.
- Makabuluhang pag-unlad sa bago at pagkatapos gamitin sa pagtuturo ang prosesong tekstuwal analisis.
- Ang mga paglalarawan ng mga mag-aaral sa karanasan sa pagsusuri ng panitikan gamit ang tekstuwal analisis.
- Ang inaasahang awtput na mabubuo sa pagtuturo at pagsusuri ng akdang pampanitikan.

## 3. Metodolohiya

Upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral na ito hinggil sa paggamit ng tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Baitang 10, pinili ang angkop na disenyo at proseso ng pananaliksik na makatutugon sa mga itinakdang suliranin. Ang bahaging ito ay kinapapalooban ng disenyo ng pananaliksik, daloy ng pag-aaral, pinagmulan ng datos, paraan ng pagkalap ng impormasyon, instrumentong ginamit, mga hakbang sa pagsasagawa ng pag-aaral, kapaligiran ng pananaliksik, at pagsusuring estadistikal at deskriptibo na ginamit. Sa pamamagitan ng pagsagot sa sarbey at pagsusuri sa kasagutan at gawaing pampanitikan, itinala ang mga aspektong hindi nasusukat sa bilang ngunit mahalaga sa pag-unawa ng bisa ng tekstuwal na analisis bilang estratehiya sa pagtuturo. Ang pinagsamang metodolohiyang ito ay nagbigay ng mas holistikong pagtingin sa epekto ng tekstuwal na analisis sa kasanayang pampanitikan ng mga mag-aaral, at nagsilbing matibay na batayan sa pagbuo ng kongklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral.

***Disenyo ng Pananaliksik*** - Isinagawa ang pananaliksik na ito gamit ang kwantitatibong paraan upang matukoy ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos na mabasa at masuri ang isang akdang pampanitikan, at upang masukat ang makabuluhang pag-unlad sa kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng paggamit ng tekstuwal analisis bilang estratehiya. Ayon sa pag-aaral nina Soy et al. (2023) na binanggit ni Zawawi (2007),

ang kwantitatibong disenyo ay angkop sa ganitong uri ng pananaliksik sapagkat ito ay nakatuon sa numerikal na representasyon at pagsusuri ng datos, na nagbibigay ng tiyak at obhetibong resulta. Bilang katuwang ng kwantitatibong pamamaraan, ginamit din ang deskriptibong paraan upang mailarawan ang karanasan, pananaw, at reaksyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsusuri ng akda gamit ang tekstuwal analisis. Sa ganitong paraan, masusuri hindi lamang ang datos batay sa numero kundi pati na rin ang kontekstuwal na pag-unawa ng mga mag-aaral, na siyang nakatutulong sa mas malalim na interpretasyon ng epekto ng estratehiyang ito sa kanilang kasanayang pampanitikan.

***Mga kalahok ng Pag-aaral*** - Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay nasa Baitang 10 na may siyam (9) na lalaki at labing walong babae (18). Sa kabuuan, may dalawamput pito (27) na mag-aaral. Maingat na pinili ng aming paaralan ang mga ito upang mapabilang sa grupo ng Science Class, batay sa kanilang kaalaman, karanasan, at kaugnayan sa paksa ng pananaliksik. Sila ay binubuo ng mga indibidwal na maydirektang ugnayan sa isinagawang pag-aaral upang masiguro ang pagiging makabuluhan at angkop ng mga datos na makakalap. Ang kanilang mga pananaw at karanasan ay mahalagang salik sa pagbibigay- linaw sa mga layunin ng pananaliksik at sa pagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa paksang tatalakayin.

***Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos*** - Sa isinagawang pananaliksik, mahalagang papel ang ginampanan ng mga kagamitang pampagtuturo at pagtataya upang matiyak ang sistematikong pagsusuri ng mga akdang pampanitikan at masukat ang epekto ng tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagtuturo.

- Ang mga piling babasahin o akdang pampanitikan na nagsilbing teksto para sa pagsusuri ng mga mag-aaral. Ang mga akdang ito ay malikhain at masining, at napili batay sa kayamanang taglay nito sa tema, tauhan, simbolismo, at konteksto upang magsilbing lunsaran ng malalimang pag-unawa.

- Bumuo ang mananaliksik ng apat (4) na banghay-aralin na nakabase sa K to 12 Curriculum sa ikalawang markahan ng Baitang 10 na nakaangkla na ang proseso ng tekstuwal analisis. Ang mga banghay-araling ito ay nagsilbing gabay upang sistematikong maiproseso ng mga mag-aaral ang pagsusuri sa mga elemento ng akda. Kalakip sa bawat aralin ang mga worksheet o gawaing pampagkatuto tulad ng graphic organizers, talahanayan ng pagsusuri, at replektibong gawain, na layunin tulungan ang mga mag-aaral na mailapat ang kanilang natutuhan at malinang ang mas mataas na antas ng pag-iisip.

- Gagamit din ng mga talatanungan para sa pre-test at post-test na naglalayong sukatin ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang pre-test ay ginamit upang masukat ang panimulang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng panitikan. Samantalang ang post-test ay naglalaman ng pahayag na may modipikasyon upang maiangkop sa paggmit ng proseso ng tekstuwal analisis.

- Paglikha ng worksheet nang mananaliksik sa bawat akdang susuriin upang maproseso ito ayon sa estratehiyang tekstuwal analisis.

- Talatanungan upang makalap ang mga saloobin at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang naging partisipasyon sa proseso ng pagsusuri. Layunin nito na tukuyin hindi lamang ang akademikong pag-unlad kundi maging ang emosyonal at metakognitibong pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang ito.

***Paraan sa Pagsusuri ng Datos*** - Upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral na ito, maingat na idinisenyo ang mga hakbang sa pagkalap ng datos upang masigurong makakalap ang tumpak, makabuluhan, at mapagkakatiwalaang impormasyon. Ang mga datos na nakalap ay magsisilbing batayan sa pagsusuri sa bisa ng tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Isinagawa ang mga sumusunod na hakbang upang maisakatuparan ang prosesong ito:

- Tiniyak na naunawaan ng mga kalahok ang limang katanungan sa pagsusuri ng mga akda para sa bawat elemento: ang tauhan, banghay, tema, simbolismo, wika at konteksto na nasa talatanungan bilang pre-

test. Isinagawa ito pagkatapos basahin ang mga akdang pampanitikan na susuriin. Layunin ng hakbang na masukat ang paunang antas ng kanilang kaalaman at kasanayan na pagsusuri ng akda bago gamitin ang tekstuwal analisis.

- Gamit ang banghay-aralin na binuo ng mananaliksik na nakabatay sa prosesong tekstuwal analisis, napapaloob na nito ang worksheet na ipamumudmod sa mga mag-aaral. Sa nabanggit na gawain, ginamit sa tatlong akdang sinuri gaya ng dagli, nobela at mito. Pinunan ng mga mag-aaral ang mga graphic organizer, diagram at talahanayan ayon sa mga elementong sinuri sa akda. Sa hakbang na ito, tinukoy ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang tekstuwal na estratehiya.

- Pagkatapos na nagawa ang worksheet ay inilapat naman ang talatanungan na inihanda ng mananaliksik na magsisilbing post test. Tiglilimang tanong sa bawat elementong susuriin sa akda. Sa puntong ito, inaasahang matukoy kung mayroong makabuluhang pag-unlad sa kanilang pagkatuto kung ihahambing sa resulta ng pre-test.

- Mamumudmod rin ng karagdagang talatanungan upang makalap ang paglalarawan ng karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagsusuri ng akdang pampanitikan. Ang mga kasagutang ito ay susuriin gamit ang deskriptibong estadistika upang mailarawan ang pananaw, saloobin, at repleksyon ng mga kalahok. Ipapakita ito sa pamamagitan ng mga talahanayan, grap, at tekstuwal na paglalarawan.

## 4. Resulta at Pagtalakay

Ang presentasyon ng mga resulta ay nahahati sa tatlong pangunahing bahagi upang malinaw na maipakita ang kabuuang pagganap at pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral. Una, tatalakayin ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos isagawa ang interbensiyon, batay sa mga kompetensi ng pangunahing elemento ng akdang pampanitikan tulad ng tauhan, banghay, tema, simbolismo, at konteksto. Sa bahaging ito, ilalarawan ang antas ng kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng mga nakuhang mean score at antas ng pagganap sa pre-test at post-test. Pangalawa, ipapakita ang paghahambing ng mean scores sa pagitan ng dalawang pagsusulit upang masukat at mailarawan ang pagbabago at pag-unlad sa pag-unawa ng mga mag-aaral matapos ang paggamit ng tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, masusukat kung gaano kaepektibo ang interbensiyon sa pagpapataas ng antas ng kanilang kakayahan sa pagsusuri ng akdang pampanitikan. Pangatlo, tatalakayin ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagkatuto.

Ipinakita dito kung paano nakatulong ang naturang pamamaraan sa paglinang ng kanilang interes, pag-unawa, at kritikal na pag-iisip sa pag-aaral ng mga akda. Ang kabuuang presentasyon ng datos ay susuriin nang masusi upang matukoy ang ugnayan at implikasyon ng paggamit ng tekstuwal analisis sa pagpapabuti ng pagtuturo ng akdang pampanitikan. Sa gayon, layunin ng kabanatang ito na magbigay ng matibay na ebidensya sa bisa ng tekstuwal analisis bilang mabisang kasangkapan sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapayaman ng karanasang pampanitikan ng mga mag-aaral.

### *4.1 Pre-Test Sa Antas ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral*

Malinaw na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa iba't ibang aspeto ng pag-unawa sa pagbasa. Ang lahat ng kompetensi ay nasa antas ng "*Frustration*," na nagpapahiwatig na kailangan ng agaran at komprehensibong interbensyon upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mga interbensyon ay dapat nakatuon sa pagpapabuti ng pag-unawa sa tauhan, banghay, tema, simbolismo, at konteksto ng mga kwento. Samakatuwid ayon sa resulta ng *pre-test* na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nasa "Frustration"lebel sa pag-unawa sa binasa ay sumusuporta sa pananaw ni Nuncio (2002) na ang pagbasa ng panitikan ay hindi lamang pag-alam sa nilalaman kundi pag-unawa rin sa ugnayan ng teksto at konteksto, na madalas ay hindi pa ganap na nakukuha ng mga mag-aaral. Tulad ng binanggit ni Zafra (2016), ang pagtuturo ng panitikan ay madalas na

nakatuon sa pagsasaulo ng impormasyon sa halip na sa mas malalim na pag-unawa at pagbibigay-kahulugan. Ipinapakita ng pre-test na bagaman nakabubasa nang maayos ang mga mag-aaral, nahihirapan pa rin silang umunawa at magsuri ng akda. Dahil dito, kailangang gamitin ang tekstuwal na analisis bilang estratehiya upang malinang ang kanilang kritikal na pag-iisip at mas mapalalim ang pag-unawa sa mga elemento ng panitikan, alinsunod sa layunin nina Fabro et al. (2024) na gawing makabuluhan at mapanuri ang pag-aaral ng panitikang Filipino.

*4.2 Post-Test sa Antas ng Pag-unawa ng Pagbasa*

Ipinapakita ng datos sa *post-test* na ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa mula "*Frustration*" patungong "*Independent*" sa lahat ng kompetensi. Ibig sabihin, pagkatapos ng paggamit ng tekstuwal na analisis bilang estratehiya sa pagtuturo, naging mas mahusay ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa tauhan, banghay, tema, simbolismo, at konteksto ng mga akda. Maliit din ang nakuha nilang *standard deviation*, na nagpapakita ng halos magkapareho ang kanilang naging pag-unlad. Sa kabuuan, natuklasan ng pag-aaral na ang tekstuwal na analisis ay epektibong paraan upang mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan.

Ang resulta ay umaayon sa pananaw ni Sanggawa et al. (2024) sa paggamit ng *Reader-Response Criticism*, kung saan binibigyang-diin ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng sariling interpretasyon at reaksyon sa binasang teksto. Kaakibat nito, pinagtitibay din ng *Constructivism Theory* ni Mancao na ang pagkatuto ay nagaganap kapag ang mag-aaral ay nagbubuo ng kahulugan batay sa sariling karanasan at interaksyon sa teksto. Samantala, pinatutunayan din ng pag-aaral ni Simene (2017) na ang paggamit ng makabagong estratehiya tulad ng tekstuwal na analisis ay nakatutulong upang maabot ang mas mataas na antas ng pag-unawa kumpara sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng panitikan.

*4.3 Makabuluhang pag-unlad ng mean score na natamo ng mga mag-aaral sa antas ng pag-unawa sa pagbasa*

Ang mga mag-aaral ay nagpakita ng malaking pag-unlad sa kakayahang umunawa ng akdang pampanitikan matapos isagawa ang interbensyon. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay sumusuporta sa pananaw ni Nuncio (2002) na ang pagbasa ng panitikan ay hindi lamang simpleng pag-unawa sa nilalaman ng kuwento, kundi isang masusing paggalugad sa ugnayan ng teksto at ng konteksto nito, isang proseso ng pagbibigay-kahulugan na nagbubukas sa mas malalim na interpretasyon ng karanasan, kultura, at lipunan. Kaugnay nito, pinagtibay din ng obserbasyon ni Zafra (2016) na ang pagtuturo ng panitikan ay madalas na nakatuon lamang sa pag-alala ng mga detalye sa halip na sa pagbibigay-kahulugan at pag-uugnay ng mga ito sa karanasan ng mag-aaral. Ang paggamit ng tekstuwal na analisis ay naging tugon sa ganitong kakulangan, sapagkat pinatataas nito ang antas ng kritikal na pag-iisip at pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri sa mga elemento ng akda tulad ng tauhan, banghay, tema, simbolismo, at konteksto, nagiging mas makabuluhan at interaktibo ang pag-aaral ng panitikan. Ito ay kaayon ng layunin ng DepEd Order No. 010, s. 2024, na linangin ang malikhain at mapanuring pag-iisip bilang paghahanda ng mga mag-aaral sa mga hamon ng tunay na buhay.

*4.4 Paglalarawan sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan gamit ang tekstuwal analisis*

Epektibong nakapagpapaunlad ang tekstuwal analisis ng kakayahang analitikal at kritikal ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino. Samakatuwid naging epektibo ang tekstuwal analisis sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan. Ayon sa Reader Response Criticism Sanggawa et al. (2024), nakatuon ang mag-aaral sa sariling interpretasyon at reaksyon sa akda, samantalang sa Constructivism Theory Mancao, R. H., binuo nila ang kahulugan batay sa karanasan at kaalaman. Pinapalakas ng kombinasyong ito ang kritikal at analitikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng akdang pampanitikan.

## 5. Natukalsan Kongklusyon at Rekomendasyon

***Natuklasan*** – Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagpapakita ng malinaw na pagtaas sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan matapos gamitin ang tekstuwal na analisis bilang estratehiya sa pagtuturo. Bago ang interbensyon, ang mga mag-aaral ay nasa antas ng "Frustration" sa pag-unawa sa mga elemento tulad ng tauhan, banghay, tema, simbolismo, at konteksto. Ngunit pagkatapos ng interbensyon, naging "Independent" ang kanilang antas ng pag-unawa, na nagpapahiwatig ng malaking pagbuti sa kanilang kakayahang suriin at unawain ang mga akdang pampanitikan. Bukod pa rito, ang statistical analysis ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa mean scores sa pre-test at post-test, na nagpapatunay na ang pagtaas sa pag-unawa ay hindi lamang resulta ng pagkakataon, kundi dahil sa epektibong paggamit ng tekstuwal na analisis. Ang mga mag-aaral din ay nagpahayag ng positibong karanasan sa paggamit ng estratehiyang ito, na nagpapahiwatig na ito ay nakatulong sa kanilang interes, motibasyon, at pag-unawa sa pag-aaral ng panitikan. Samakatuwid, yon sa *Reader Response Criticism* Sanggawa, J. L., et al., 2024, nakatuon ang mag-aaral sa sariling interpretasyon at reaksyon sa akda, samantalang sa *Constructivism Theory* Mancao, R. H., binuo nila ang kahulugan batay sa karanasan at kaalaman. Sa kabuoan, naging kapaki-pakinabang ang kombinasyong ito ang kritikal at analitikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng akdang pampanitikan.

***Kongklusyon*** - Batay sa mga natuklasan, masasabing epektibo ang tekstuwal analisis bilang isang estratehiya sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan. Ang paggamit nito ay nagresulta sa makabuluhang pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral na suriin at unawain ang iba't ibang elemento ng panitikan, mula sa pagkilala sa mga tauhan at banghay hanggang sa pag-unawa sa tema, simbolismo, at konteksto. Higit pa rito, ang positibong karanasan ng mga mag-aaral sa estratehiyang ito ay nagpapahiwatig na ito ay hindi lamang nagpapabuti sa kanilang pag-unawa, kundi nagpapataas din ng kanilang interes at motibasyon sa pag-aaral ng panitikan. Sa kabuuan, ang tekstuwal analisis ay isang mabisang kasangkapan na maaaring magamit upang mapalalim ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan.

***Rekomendasyon*** - Batay sa kinalabasan at kongklusyon ng pananaliksik na ito, narito ang ilang rekomendasyon:

- Para sa mga Guro sa Filipino at Panitikan: Inirekomenda ang mas sistematikong paggamit ng tekstuwal analisis bilang pangunahing estratehiya sa pagtuturo ng akdang pampanitikan. Maaaring isama ito sa banghay aralin, particular sa pagsusuri ng tauhan, banghay, tema, simbolismo at konteksto upang higit na mapaunlad ang malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral kaysa tradisyunal na tanong at sagot na proseso sa pagtalakay ng mga akdang pampantikan.

- Para sa mga Mag-aaral: Hinihikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang tekstuwal analisis bilang personal na estratehiya sa pagbabasa, hindi lamang sa asignaturang Filipino Kundi pati sa iba pang asignatura na nangangailangan ng kritikal na pag-unawa sa teksto. Makatutulong ito sa pagpapaunlad ng kanilang kritikal na pag-iisip at interpretatibong kasanayan.

- Para sa mga Tagapagdisenyo ng Kurikulum at Kagamitang Panturo: Maaringisama ang mga gawaing nakabatay sa tekstuwal analisis sa modyul, learning activity sheets at teksbok. Ang pagbuo ng gabay na tanong at Gawain na nakatuon sa masusing pagsusuri ng teksto ay makatutulong upang maging mas interaktibo at makabuluhan ang pag-aaral ng panitikan.

- Para sa mga Tagapagsanay ng Guro at Paaralan: Inirerekomenda ang pagsasagawa ng mga seminar, workshop, o INSET na pagsasanay tungkol sa wastong paggamit ng tekstuwal analisis nbilang pedagohikal na estratehiya. Makatutulong ito upang mapalawak ang kaalaman ng mga guro sa mas malalim at makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng panitikan.

- Para sa mga Administrador ng Paaralan: Suportahan ang paggamit ng tekstuwal analisis sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na oras sa talakayan,bilang daan sa iba't ibang akdang pampanitikan at mga

kagamitang makatutulong sa pagsusuri ng teksto tulad ng graphic organizers, gabay sa pagsusuri at mga sangguniang materyal

- Para sa mga Susunod na Mananaliksik: Iminumungkahi ang paggawa ng katulad nap ag-aaral sa mas malaking bilang ng kalahok, iba't ibang baitang o iba pang uri ng teksto upang mapalawak ang ebidensiya hinggil sab isa ng tekstuwal analisis. Maaaring pag-aralan ang pangmatagalang epekto nito sa akademikong pagganap at kritikal nap ag-iisip ng mga mag-aaral.

## 6. Awtput ng Pag-aaral: Gabay sa Pagsusuri ng Akdang Pampanitikan Gamit ang Tekstuwal Analisis

***Rasyonal*** - Ang kabanatang ito ay naglalahad ng inaasahang awtput ng pag-aaral na nakatuon sa pagbuo ng Gabay sa Pagsusuri ng Panitikan bilang agarang tugon sa pangangailangan para sa mas sistematiko, organisado, at makabuluhang pagtuturo ng panitikan sa ika-10 baitang. Batay sa mga natuklasan, napatunayang epektibo ang tekstuwal analisis bilang estratehiya sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mahahalagang elemento ng akdang pampanitikan tulad ng tauhan, banghay, tema, simbolismo, at konteksto. Gayunpaman, lumitaw din sa pag-aaral na nahihirapan ang mga mag-aaral sa mas malalim na pagsusuri ng mga elementong ito dulot ng kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo na nagbibigay ng malinaw na gabay, estruktura, at sapat na pagsasanay.

Bilang tugon, binuo ang Gabay sa Pagsusuri ng Panitikan na nakabatay sa prinsipyong analitikal ng tekstuwal na pagdulog. Ang gabay na ito ay idinisenyo upang magsilbing konkretong kasangkapan ng guro sa paggabay sa mga mag-aaral sa masusing pagbasa, pagsusuri, at interpretasyon ng teksto. Nakabalangkas ito sa paraang madaling gamitin, nakaayon sa kurikulum, at nakatuon sa paglinang ng aktibong pagkatuto sa pamamagitan ng mga gawaing nagpapasigla sa kritikal na pag-iisip, lohikal na pagsusuri, at makabuluhang pag- unawa sa akda. Sa pamamagitan ng sistematikong paglalapat ng tekstuwal analisis, nagkakaroon ng malinaw na direksyon ang proseso ng pagtuturo, mula sa literal na pag-unawa hanggang sa mas mataas na antas ng interpretasyon at pagpapahalaga.

***Layunin*** - Ang pag-aaral na ito ay nakabubuo at nakapagpapatunay ng isang praktikal, sistematiko, at pedagohikal na Gabay sa Pagsusuri ng Panitikan para sa mga guro sa ika-10 baitang, na nakabatay sa paggamit ng tekstuwal analisis bilang pangunahing dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan. Tiyak nitong layunin na mabigyan ang mga guro ng malinaw at estrukturadong balangkas kung paano gagabayan ang mga mag-aaral sa masusing pagsusuri ng mahahalagang elemento ng akda—tauhan, banghay, tema, simbolismo, at konteksto—sa pamamagitan ng analitikal at tekstuwal na pagdulog. Nilalayon din ng pag-aaral na makabuo ng mga gawaing pampagkatuto na nakasentro sa teksto at nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pag-iisip, tulad ng pagsusuri, pagbibigay-interpretasyon, at pagbubuo ng sariling pag-unawa batay sa ebidensiyang makukuha mula sa akda. Sa paraang ito, ang tekstuwal analisis ay nagsisilbing kasangkapan upang malinang ang kritikal na pag-iisip at mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa ugnayan ng mga elementong pampanitikan.

Higit pa rito, layunin ng pag-aaral na makapaglatag ng malinaw, sunod-sunod, at madaling sundan na mga panuto at estratehiya para sa mga guro upang matiyak ang episyenteng paggamit ng Gabay sa loob ng silid-aralan. Inaasahan ding mapalago ang interes, pakikilahok, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan sa pamamagitan ng mga makabuluhan, interaktibo, at tekstuwal na nakaugat na mga gawain. Bilang bahagi ng pagpapatibay sa kalidad nito, layunin ding ma-validate ang binuong Gabay sa pamamagitan ng mga eksperto sa larangan ng panitikan at edukasyon upang masiguro ang kawastuhan, kaangkupan sa kurikulum, at pagiging epektibo nito bilang kagamitang pampagtuturo. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay naglalayong makapagbigay ng isang maaasahan at kontekstuwalisadong kagamitang pedagogikal na makatutulong sa mga guro na matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas malalim na pag-unawa at masinop na pagsusuri ng panitikan gamit ang tekstuwal analisis, na magbubunga ng mas mataas na antas ng pagkatuto at pagpapahalaga sa panitikang Pilipino.

***Iskema ng Pagpapatupad*** – Ang pagbuo ng Gabay sa Pagsusuri ng Panitikan ay susundin ang isang sistematikong proseso upang matiyak ang kalidad at pagiging epektibo nito sa aktwal na pagtuturo. Una, isasagawa

ang masusing pagpili ng mga akdang pampanitikan na gagamitin sa Gabay, na isinasaalang-alang ang kaangkupan sa kurikulum ng ika-10 baitang, representasyon ng iba't ibang genre, at angkop na tema na maaaring pag-aralan sa loob ng silid-aralan. Pagkatapos nito, bubuuin ang mga aralin at aktibidad na nakatuon sa pagsusuri ng tauhan, banghay, tema, simbolismo, at konteksto, gamit ang tekstuwal analisis bilang pangunahing estratehiya. Sa bawat aralin, malinaw na ituturo ng guro kung paano magbasa at magsuri ng teksto, paano tukuyin ang mahahalagang elemento ng akda, at paano gamitin ang ebidensiya mula sa teksto upang makabuo ng sariling interpretasyon. Ang mga gawain ay idinisenyo upang maging interaktibo, makabuluhan, at nakakapaglinang ng kritikal na pag-iisip at masusing pagbasa ng mga mag-aaral, halimbawa sa pamamagitan ng pagtatanong, pagsusuri sa karakter, paghahanap ng simbolismo, at pag-uugnay ng tema sa sariling karanasan.

Kasunod nito, lilikhain ang mga malinaw at madaling sundan na panuto para sa mga guro, kabilang ang gabay sa hakbang-hakbang na paggamit ng tekstuwal analisis sa klase, upang masiguro ang episyenteng pagpapatupad sa pagtuturo. Matapos mabuo ang draft ng Gabay, ito ay ipapasuri at ipapa-validate sa mga eksperto sa larangan ng panitikan at edukasyon upang matiyak ang kawastuhan, kaangkupan sa kurikulum, at pagiging epektibo sa aktwal na klase. Ang mga puna at suhestiyon mula sa mga eksperto ay gagamitin upang mapabuti at marebisa ang Gabay. Sa huli, ang final na bersyon ng Gabay sa Pagsusuri ng Panitikan ay ibabahagi sa mga guro ng ika-10 baitang upang magamit bilang konkretong kasangkapan sa pagtuturo ng panitikan gamit ang tekstuwal analisis, na magbibigay-daan sa mas malinaw, sistematiko, at aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, masisiguro na ang Gabay ay isang maaasahan at kapaki-pakinabang na kagamitan para sa pagsusuri at pag-unawa sa mga akdang pampanitikan sa silid-aralan.

***AI use declaration*** – We used (Dola, June 2026) for (English abstract translation and language editing). All outputs were reviewed, verified and edited by the author, including validating contextual accuracy and aligning text with the original qualitative descriptions. No confidential or personally identifiable data were entered into AI tools. The author take full responsibility for the content.

## 7. References

Amora, B. D. (2020). Pagsusuri ng mga piling maikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute: mungkahing disenyo ng aralin. *ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies, 17*(1), 24-53.

Caipang, M., & Orcullo, C. (2024). Pagsusuring pangnilalaman sa mga piling orihinal na pilipinong musika (opm): disenyo ng aralin. *UB Advancing Filipino Research Journal, 2*(1), 109-121.

Catigbe, S. D., Coral, G. B., Magno, J. M., & Viñas, J. V. (2024). Sipat-Suri sa mga piling Balak ni Armando M. Laude. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4*(12), 178-183.

Duan, X. (2020). "The Big Women": A textual analysis of Chinese viewers' perception toward femvertising vlogs. *Global Media and China, 5*(3), 228- 246.

Dumato, R. (2025). A diagnostic study on the reading competencies of maguindanaon students as a basis for designing an interactive and culturally relevant instructional module. *International journal of arts, sciences and education, 5(Special Issue)*, 101–112.

Fabro, B. D., Garcia, M. F. M. A., & Amtalao, J. A. (2024). Integrasyon ng kulturang bago sa pagtuturo ng/sa filipino. *Malay Journal, 37*(1), 4.

Mendoza, M. J., & Jalos Jr, L. M. Kabisaan ng elektronikong estratehiyang pang-interbensyong kagamitan (e-epik) sa pagpapaunlad ng makrong kasanayan sa pagbasa sa filipino ng mga mag-aaral ng ikasampung baitang ng biñan integrated national high school.

Nuncio, R. V. (2002). Saysay at salaysay ng pantawang pananaw mula pusong hanggang impersonasyon. *Malay, 17*(1), 78-108.

Pondavilla, J. (2024). Kasanayang pampagkatuto at akademik performans ng mga mag-aaral ng filipino 11 sa ikatlong distrito ng carmen, bohol: mungkahing palatuntunang panlunas. *Ub Advancing Filipino Research Journal, 2*(1), 16-25.

Pontemayor, F. B., & Quitolbo, J. M. V. (2024). Kasanayang audio-visual at tekstwal sa pag-unawa ng panitikan

ng mag-aaral ng Malinao High School. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2*(5), 272-295.

Porlas, A. A. (2024). Guniguni, damdamin at simbolismo sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus: disenyo ng aralin. *Ub Advancing Filipino Research Journal, 2*(1), 66-81.

Sanggawa, J. L., Santiago, M. B., Santos, R. T., Sapdoy, E. E., & Eguia, M. L. G. (2024). Antas Ng Pag-Unawa Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Sa Ikatlong Baitang Ng Klaster 5. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4*(12), 275-290.

Soy, Seth & Maisarah, Ira & Ly, Sovann. (2023). Students' perceptions of literary texts, challenges in learning, and learning strategies. *Journal of English Teaching and Learning Issues, 6*, 81-94.

Torre Jr, E. H. D. (2019). Pagsusuri sa mga piling spoken word poetry ni juan miguel severo: mungkahing disenyo ng aralin. *Academe, 15*.

Varona, F., & Mandado, J. O. (2020). Ang kasanayang pasalita gamit ang kagamitang multimidya sa antas tersyarya. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*. Retrieved from https://www.ajhssr.com/wp-con-tent/uploads/2020/12Y

Villanueva, V. M., & Corpin, M. K. B. (2018). KabULOhan: paggamit ng pag-uulo ng balita sa paglalagom. *Malay Journal, 31*(1), 10.

Zafra, G. S. (2016). Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). *Katipunan, 1*(1), 1-26.